

# 1

“Son, you know you’re not gonna stay young forever, don’t you? Find yourself a bride... please,” pakiusap ni Mrs. Celestina ‘Celez’ Hofilena-de Falco sa anak nitong lalaki habang nagpapahid ng butter sa toasted bread. “Habang nasa kalendaryo ka pa. Hindi ko pinangarap na tumandang binata ang aking unico hijo. Gusto kong magkaroon ka ng masayang pamilya. Gusto kong may makasama ka sa iyong pagtanda. I want grandchildren, Walker!”

Lihim na napailing si Walker de Falco. Kailanman ay hindi niya pinagtakhan kung papaanong naging artista ang kanyang ina. She just loved theatrics. Kung magsalita ito ay para bang ang tanda na niya.

He just turned thirty-one, for Christ’s sake!

“Ginagawa ko ang lahat para matulungan ka. Puro ka na lang trabaho. Hindi ko maintindihan kung bakit kumakayod kang kumita ng pera, when we have more than enough. Kahit ano’ng gawin mong pagpaparami sa mga iyon, they won’t keep you warm at night unless you set them on fire, Son!” She paused for breath, then went on saying, “Gusto ko lang namang magkar’on ka ng babaeng—”

“I *have* women,” na-offend niyang putol dito.

“What women? Those you have clinical-sex with at the end of the week? Those—”

“Mother!”

“What?” inosenteng maang nito. “Oh, don’t give me that shocked look. You’ve lost the right to wear it decades ago.”

Hinilot niya ang sintido. Pakiramdam niya ay biglang sumakit ang kanyang ulo.

“They were not exactly the kind of women I had in mind, Son. Ang tinutukoy ko ay iyong babaeng mamahalin ka habang-buhay, a lifetime partner. Hindi iyong kung ilang gabi lang kayo magkasama. A woman who will love you even if you didn’t have those bank accounts.”

“Mom...”

“Anyway, the point is, you need someone who can take your mind off your work *just* with the memory of her smile. Iyon lang ang tanging gamot sa tulad mong masyadong workaho—”

“Señora, mawalang-galang na ho,” singit ng kasambahay nilang si Didi, “pero nasa telepono po si Ma’am Chanda.”

Nakahinga siya nang tanggapin nito ang cordless phone. He wouldn't mind hearing all these from his mother. Had this been the first time.

“Hindi pa tapos ang usapang ito, Walker,” deklara ni Celez. “Until I see you happily married, it won't be.”

---

“D-Digna... ewan ko, pero talagang hindi ko gusto ang gagawin nating ito. Hindi naman *ito* ang ipinunta ko dito,” protesta ni Arabella Finnigan sa kanyang kaibigan.

“Ano'ng ipinunta mo rito, kung ganoon? Ang maging katulong? Tindera? Serbidora? O salesgirl kaya?” tinatamad nitong sagot nang hindi inaaalis ang paningin sa binabasang magazine.

“Alin man sa mga iyon. Kilala mo ako, Digna, wala akong pili sa trabaho, kahit gaano kabigat o kahirap. Huwag lang 'to.”

“Tse!” Inirolyo nito ang binabasang magazine at dinuro iyon sa kanya. “Tumahimik ka bago kita sapakin nitong hawak ko. Hindi kita papayagang magpakakuba para sa kakarampot na kita. Kung maninilbihan ka rin lang naman dito, mabuti pang umuwi ka na lang ng Alegria.”

“Eh, p-pero... ayokong magmodelo.” Ni sa hinagap ay hindi niya inakalang ang pagmomodelo ang tinutukoy ni Digna na ‘malaking oportunidad’ na naghihintay sa kanya rito sa Maynila. Umalis siya sa *Isla Alegra* at sumama rito sa lungsod upang matulungan ang may sakit niyang ina.

“Anong ayaw mo? Ara, biniyayaan ka ni Lord ng ganyan kagandang mukha. Aba! Gamitin mo, ‘no! Isipin mo na lang, kapag natanggap ka, mabilis mong kikitain ang ipambibili sa concentrator ni ’Nang Mildred. Bukod doon, sisikat ka pa. Lalabas ka sa TV o di kaya’y sa pahina ng diyaryo. Masisilayan na ng buong Pilipinas ang nakatagong kagandahan sa *Isla Alegra* na—” ”

“Iyon, eh, *kung* matatanggap siya,” parunggit ng isang babaeng kasama nilang naghihintay sa reception area ng *Venus Modeling Agency*.

Natigil si Digna sa pagkumbinsi sa kanya. May nasindihang tila apoy sa mga mata nito. Siya naman ay nabawasan ang kakarampot na kumpiyansang mayroon siya sa gagawin.

Pumailanlang ang isang matinis na hagikgik. Nagyuko siya. Hindi na niya kailangang magtaas ng tingin para malamang siya ang pinagtatawanan ng ibang aplikante.

“Tingnan n’yo naman ang damit,” kunwa’y bulong ng babaeng nasa kanan niya, “jologs na jologs... oh, wait, hindi na nga pala uso ang *jologs* ngayon.” Humalakhak ito.

“Right,” nakihalakhak na sagot ng kasama nito. “She might as well hold a placard with the word ‘promdi’ over her head.”

Tila isang torong nakakita ng pula na napabuga ng hangin si Digna. “Wag mo silang pansinin,” nanggangalit ang ngipin na bulong nito sa kanya. “Insecure lang ang mga iyan sa beauty mo.”

Palihim niyang pinagmasdan ang ibang aplikante. Gusto niyang manliit sa nakita. Paano namang mai-insecure ang tulad ng mga itong moderna at sopistikada sa isang tulad niyang mukhang nanggaling sa nakalipas na dekada?

“At ang balat, tingnan mo naman,” patuloy ng babaeng nasa kanan niya. “Ilang litro ng dugo kaya ang nai-donate niya para pumutla siya nang ganyan? And the hair... nakakasilaw sa ka-cheap-an ang kulay. Atsuete yata ang ginamit na pangtina.”

Malutong ang sumunod na tawanan. Nang mga sandaling iyon, wala ni isang patak ng kumpiyansa ang natira kay Arabella. Gusto niyang magtalukbong

ng kumot at itago ang sarili, habang tila tigre na handa nang lumapa na nilapitan ni Digna ang dalawang babae.

“Hoy, mga echuserang inggitera, tumigil na kayo, lalo ka na!” duro nito sa babaeng unang nagparunggit. “Kahit ilublob ninyo sa suka, kalamansi puree, o bleach ang buhok ng kaibigan ko, hindi mawawala ang kulay niyon dahil *natural* na pula ang buhok niya. Hindi katulad n’yang ilong mo! Na siguradong kapag inumbag ko’y babalik sa dating tikwas! Akala mo mapaglalakuan mo ako? Makeup artist ’to. Pagdating sa mukha, hindi lang balat ang nakikita ng mga matang ’to,” patuloy nito na idinilat pa ang mga mata, “pati istruktura ng buto’y nahahantad sa mapanuri kong tingin. At nasisiguro kong parang *imbudo* iyang ilong mo *dati*. Na sa sobrang tikwas, puro na butas!”

Napanganga ang babae ngunit wala itong masabi.

“At kung namumutla man ang kaibigan ko sa kaputian, inggit ka lang! Natural nang ganyan ang kutis niya. Kasi iyang balat *mo*, mas mukhang kulay dalandan kesa tanned. ”Tsura!” irap ni Digna. Ngunit bago nito talikuran ang babaeng namumutla sa galit at kahihyan, may naalala itong idagdag. Binulatlat nito ang nirolyong magazine ng *Times Asia*.

“Kita n’yo ’to? Kilala n’yo kung sino siya? Ito lang naman ang tipo ng lalaking nahuhumaling sa kaibigan ko. A billionaire in the making at nag-iisang anak ng dah-one, dah-only Celez de Falco, si Walker.”

Sabay-sabay umangat ang kilay ng mga nakarinig sa pahayag nito. Pati ang nag-iisang lalaking tahimik na nakaupo sa isang sulok ay napatingin dito.

Tila naman lalong lumakas ang loob ng kaibigan niya, itinuloy ang paghabi ng mga kasinungalingan. “Nagkakilala silang dalawa ng kaibigan ko sa isang barkong biyaheng Maynila. At unang kita pa lang ni Walker de Falco sa kaibigan ko, mina—”

“Digna!” Natitilihang lumapit siya rito. “Ano’ng—”

“Alam ko, alam ko,” sansala nito sa kanya. “Gusto ninyong ilihim ni Walker ang panliligaw niya sa ’yo upang protektahan ang reputasyon niya bilang isang notorious womanizer. Alam n’yo ba,” anito na iginala pa ang mga mata sa mga naroon, “na ang kaibigan ko ang tanging babaeng niligawan ni—”

“Digna, ano ba’ng pinagsasasabi mo?” pabulong niyang sawata.

“Sumakay ka na lang,” ganting bulong nito sa kanya.

“Ayoko! Bawiin mo ang mga sinabi mo. Mamaya niyan maniwala sila sa ’yo.”

“Di mabuti. Nang mamatay sa inggit ang mga ’chuserang ’to.”

Siya na sana mismo ang babawi sa mga kasinungalingang ipinangalandakan ni Digna, ngunit sako namang tinawag sila ng receptionist. “Numbers 23, 24, and 25... you may go in.”

Nagpa-panic na napatingin siyang muli sa audition hall.

Sa isla, kung saan naiiba ang hitsura niya—pati na sa sariling ina—lumaki siya sa ilalim ng atensyon ng iba. Sa paglipas ng mga taon, imbis na maging pangkaraniwang tanawin, lalo pa siyang pinagtinginan ng mga taga-Alegra. Sabihin mang ni minsan ay hindi siya nakatanggap ng nang-uuring tingin mula sa mga ito, hindi niya nagawang masanay sa lahat ng atensyong nakukuha. Lumaki siya na nakaanino ang pagkailang, hindi mawaglit ang pakiramdam na may mali sa hitsura niya kaya siya pinagtitinginan ng iba.

At ngayon heto siya... ipiprisinta ang sarili sa mga taong kikilatisin siya mula noo hanggang paa. “Digna, a-ayoko, halika na. Baka hindi ko mapigilang



himatayin sa loob.”

“Hindi!” Puwersahan siya nitong pinihit paharap sa audition hall. “Wag mong sayangin ang pagod ko, bruha ka. Isang linggong suweldo ang isinakripisyo ko para lang tulungan kang maghanda para dito.”

“Pero, Digna...” mangiyak-ngiyak na niyang protesta.

“Number 23, hurry up! They’re waiting for you.”

Ipinagtulakan siya ni Digna. “Pumasok ka na... para kay ’Nang Mildred. Para sa kanya, Arabella, pumasok ka na.”

Natigil siya sa pagpalag. Tama ang kaibigan niya. Hindi ang pansariling damdamin ang dapat niyang inaalala. Buhay ng kanyang ina ang nakasalalay sa gagawin niya. Kailangan niyang panindigan ang pangakong wala siyang hindi gagawin, wala siyang hindi titiisin... para rito. Humugot siya ng malalim na hininga, inayos ang tindig bago pumasok sa loob ng audition hall.

## 2

“Ara!”

Dumulas sa kanyang mga kamay ang hinuhugasang baso nang marinig ang tila sirena ng bomberong tili ni Digna. Nagmamadali niyang tinungo ang sala ng maliit nitong apartment.

Nakaupo sa sofa ang kaibigan niya, hawak sa kaliwang kamay ang lotto ticket na tinayaan nito nang nagdaang araw. Nakalatag naman sa mesitang kaharap nito ang tabloid para sa petsang iyon.

“Digna, ano’ng nangyari?” usisa niya.

Nilingon siya nito, sapo ng kanang kamay ang puso. Bumukas-sara ang bibig nito, ngunit walang namutawing kataga. Putlang-putla at tila nakakita ng maligno na itinuro nito ang diyaryo.

Nanlaki ang mga mata niya. “N-nanalo ka sa lotto?”

“Hindi, gaga!” sa wakas ay naibulalas nito. “Sa palagay mo ba’y may malay-tao pa ako ngayon kung iyon ang nangyari?”

Matulis ang ngusong dumukwang siya upang

makita ang itinuro nito. “O... hindi ba’t siya iyong lalaking kausap mo paglabas ko ng audition hall noong Sabado?”

“Oo. Pero hindi siya ang mahalaga kundi ang sinulat niya.”

*Ang Mala-fairy tale na Romansa ng Nag-iisang Anak ni Celez de Falco, Exclusive!* nabasa ni Arabella. “Hindi katulad ng mga anak nina Ate V, Mega, Kris at iba pa, isang estranghero at malaking misteryo sa publiko ang pagkatao ng negosyanteng anak ng batikang aktres na si Celez de Falco. Notorious sa pagiging pribado, si Walker de Falco ay...”

Hindi na niya itinuloy ang pagbabasa matapos mahagip ng kanyang mga mata ang mga katagang *Venus Modeling Agency* at *Mysterious Model Number 23*. “A-ano’ng s-sinabi mo sa kanya, Digna?” nanghihinang tanong niya.

Bago siya nasagot ng kaibigan, tumunog ang telepono. Napatingin ito sa kanya, pagkuwan ay dinampot nito na tila ahas ang aparato. “H-h-hello?”

Ilang sandaling matamang nakinig si Digna. Kinabahan siya nang manlaki, di lang ang mga mata, kundi pati butas ng ilong nito.

“S-sino’yong tumawag?” usisa niya pagkababa

nito sa telepono. “Tungkol ba sa artikulong inilabas ng—”

“Sabi ng agency,” hindi humihingang putol nito, “may nakalinya nang proyekto para sa iyo.”

Hindi makapaniwalang nalaglag ang panga niya sa narinig.

---

“Yes, mamaya—Mang Pedring, palagay ko ho’y kailangan nang i-repaint ang hull nitong barko, ano ho sa tingin ninyo?” tanong niya sa katiwala ng wharf na pag-aari ng *deFalco Shipping* pagkalabas niya sa ininspeksyong cargo ship.

“Walker!” sita ng kausap niya sa cellphone, “You know I hate it when you talk to somebody else while *I’m* still talking.”

“I know, I’m sorry, Regina. I just had—”

“Oh, spare me the crap. Just don’t do it again,” utos nito. She must’ve realized how she sounded for she added, “Please, Babe.”

“Okay. Not again.” Naiintindihan niya si Regina. Sanay itong solo ang atensyon ng lahat kapag nagsasalita. She was also used to giving orders and having them obeyed. Katulad niya, isa ring CEO ang

dalaga ng sarili nitong kompanya.

“Good. So, aasahan kita sa pad ko mamaya. Six o’clock sharp,” nasisiyahan nitong saad. And then, in a voice laced with honeyed hotness, she added, “And Walker, Baby, you can expect to find me wearing... nothing... but expectations.”

Walker’s body tightened at the image. “I’ll be there.”

Regina’s husky laugh was full of promise. “See ya later, Babe.”

Maybe she would treat him with something cream-licking and delicious if he showed up early. Napangiti siya. Isang buwan na niya itong steady date. A record. Kadalasan kasi ay pinakamatagal na niyang contact sa isang babae—physical or otherwise—ay dalawang araw. And never when he was still swamped with work.

Ngunit si Regina, halos gabi-gabi niya itong kasama. She exceeded everything he expected from a woman—hindi lang sa klasiko nitong kagandahan, kundi pati na rin sa mga naabot nito. He admired her wit and strength at running a multinational company... not forgetting her wild and untamed prowess in bed, of course.

Anticipation coursed through him and for once, he allowed it to erode his patience. “Mang Pedring, gawan n’yo na lang ho ako ng listahan ng mga dapat gawin at ayusin dito sa wharf.”

Nagulat ang matanda. Hindi kasi niya ugaling iniwang nakabitin ang anumang trabaho, kahit na ang nakagawian niyang unofficial inspection sa mga wharfs tuwing Linggo. “S-sige ho.”

He jogged to his car. Hindi na siya makapaghintay na makarating sa pad ni Regina. The image of her waiting for him, buck-naked under her robe, drove his remaining patience away.

Kasabay ng pagbukas niya sa pinto ng kanyang kotse ay muling tumunog ang cellphone niya. “Deke, Pare, napatawag ka?”

“Sorry to disturb you, Boss,” sagot ng executive assistant niya, “but something came up.”

*Shit! Not now*, lihim niyang daing. “Oh, yeah? What?”

“Well, it’s no biggie, actually. May—uh—one-week old article lang naman tungkol sa ’yo ang isang mumurahing tabloid, aptly called *Segunda-Mano*.”

Nabitin sa harap ng ignition ang hawak niyang

susi. “What?”

“Something about your—uh—fairytale romance with an—”

“What’s the story, Deke?” mababa ang tinig na putol niya.

“Oh, man... Siguro hindi ko na dapat sinabi sa ‘yo.” Saglit itong nag-atubili bago isinalaysay ang laman ng article. He could imagine Deke cringing while narrating his fictitious tale of romance.

Siya naman ay naninigas ang panga sa tindi ng pagtatagis ng kanyang mga bagang. The press was the thing he hated most about his mother’s career. Muntik nang masira ang pagsasama ng mga magulang niya noon dahil sa mali at gawa-gawang kuwento tungkol sa kanyang pamosong ina... na pinaniwalaan niya noong una.

Hanggang ngayon ay hindi pa rin niya napapatawad ang sarili sa idinulot niyang sakit sa ina dahil sa mga pagdududa at pagbibingi-bingihan niya sa mga paliwanag nito. He was eighteen then. And never again, had he touched *anything* related to the press since.

“Sino ang may-ari ng tabloid at ang sumulat n’ong article?”

“Come on, it’s a harmless, silly article. Walang maniniwa—”

“The owner and the writer, Deke,” maawtoridad niyang utos.

Bumuntong-hininga muna ito bago ibinigay ang hinihingi niya. “Kung kakasuhan mo—”

“No. But if they don’t retract every word of lie they printed, then they better lawyer-up. Because I’m going to bleed them to the last drop of centavo I don’t need,” he snarled.

“Okay. Do what you will. Sigurado namang agad papayag ang mga iyon. Pero sa tingin ko pa rin mas makabubuting hayaan mo na lang ito. It’s just a cheap story, man.”

“No. I don’t want this to be a precedent to other vultures out there, Deke. Kapag hinayaan ko ang artikulong ito, para ko na ring binigyan ng permiso ang ibang humabi ng kung anu-anong kuwento tungkol sa akin, just so they could feed the fantasy of their readers.”

“Touchè. Pero kung hihingi ka ng retraction, you’re gonna need a statement from the girl who got carried away with her illusions. And no... there’s no *need* to ask, dahil nakuha ko na sa modeling agency



ang identity at address niya. I'm *that* efficient..." Deke puffed. "... and I was curious," pahabol nitong pag-amin.

"I thought so."

"The agency, by the way, also profited from the wistful story. Ayon sa tsismosang sekretaryang nakausap ko sa telepono kahapon, dumami daw ang kliyente nila magmula nang mailathala ang eksklusibong article noong Lunes. Good publicity you know, not to mention *free*. And the girl? Arabella Finnigan. Mayroon na siyang three-project contract kahit na hindi siya nakapasa sa audition."

Pinaandar niya ang sasakyan. "Give me her address."

Dinala siya ng address na ibinigay ni Deke sa isang maliit na subdibisyon sa Pasay. He decided to pay a visit to this Arabella first. And if need be, gut her for her statement. Nang sa gayon, umaga ng Lunes bukas, wala nang puwedeng irason ang *Segunda-Mano* na tanggihan ang ide-demand niyang *very* public retraction.

Pumarada siya sa gate ng maliit na bungalow. Bumaba siya. Isang babaeng nakasimangot na panay ang tingin sa relo nito ang nakatayo sa labas ng pinto.

Sa kabilang kamay nito ay may nakasukbit na duffel bag.

“Excuse me, dito ba nakatira si Arabella Finnigan?”

Nawala ang kulubot sa noo nito at tila namamalimatang paulit-ulit na itinaas-baba ang tingin sa kanyang kabuuan.

“Si Arabella Finnigan ng *Venus Modeling Agency*, dito ba nakatira?” ignora niya sa hantarang pagkatunganga nito sa kanya.

“Ha? Ah... eh... o-oo...” Ikinurap-kurap nito ang mga mata. Apparently realizing that she was ogling him, she tried to collect herself, pinasadahan siyang muli ng tingin at sinabing, “Ikaw ang ipinadala ng agency na maghahatid sa amin sa location shoot?”

Before he could so much as blink in confusion, she turned to the house and called, “Ara! Halika na! Nandito na ang sundo natin.”

Muli siya nitong binalingan at bago pa niya maibuka ang bibig upang itama ang akala nito, lumapit ito sa kanya at isinalpak ang duffel bag sa kanyang dibdib, kapagkuwa’y pinamaywangan siya—reminding him so much of his mother.

“Mabuti naman at dumating ka rin, ano!” anito, halatang nagsisikap tarayan siya para makabawi sa pagkatulala nito sa kanya kanina. “Hindi porque’t mala-diyos ka sa kaguwapuhan, eh, p’wede ka nang ma-late. Aba’y isang oras na kaming naghihintay sa ’yo.”

“Hindi, Miss, mali ang—”

And *much* like his mother, hindi rin ito marunong makinig sa mga pagpoprotesta niya. Sa halip ay tinalikuran siya nito, muling binalingan ang bahay. “Arabella! Ano pa ba’ng ginagawa mo?”

“Nand’yan na!” sagot ng isang tinig.

“Miss, I’m—”

Hindi naituloy ni Walker ang sasabihin. Because just then, someone came running out of the house, breathless. Her hair the color of red flames and her skin glowing like the world’s finest pearl. Saglit itong tumalikod upang ikandado ang pinto—her fiery hair curling and rippling all the way down her round, healthy buttocks.

Nang muli itong pumihit, saka siya nito napansin. Natigilan ito nang makita siya, bahagyang napaawang ang mga labing sing-pula ng hinog na mansanas. Nang maghinang ang kanilang mga mata, umahon

ang pamumula sa magkabila nitong pisngi. Nahihiya itong nagyuko ng ulo bago alumpihit na lumapit sa tarangkahan.

Her eyes darted to his once more, and then smiling very shyly, she said, “H-hello.”

It took away his words... his thoughts... his very breath...

---

Nakayukong lumabas siya sa tarangkahan, ingat na huwag mapatinging muli sa higitang estrangherong nakatitig sa kanya. Pakiwari kasi ni Arabella ay may kung anong hiwagang nakatago sa mga mata nitong sindilim ng hatinggabi. Hiwagang nagdudulot sa kanya ng di-maipaliwanag na kaba at... panghalina.

Para siyang tinatawag ng hiwagang iyon... at natagpuan na lang niya ang sariling sinasalubong ang mga titig nito sa kabila ng magkahalong hiya at pagkailang na umahon sa dibdib niya.

Hindi niya alam kung gaano niya katagal nilabanan ang titig ng lalaki. All Ara knew, was that she wanted to keep looking at him.

Tila mula sa malayo, nadinig niyang tumikhim si

Digna. Isang beses lang noong una. Ilang saglit pa'y inihit na ito ng ubo.

Napakurap siya, muling pumaibabaw sa katinuan ang ilang at hiyang nadarama. Binawi niya ang tingin mula sa mga mata ng lalaki at nagmadaling lumapit sa kaibigan.

Nagniningning sa panunudyo ang tinging ibinigay nito sa kanya. Mabuti na lang at apurado na itong makaalis sila. Kaagad siya nitong hinila patungo sa kotse at binuksan ang backseat niyon.

Ilang minuto na silang nakaupo sa magarang kotse, pero hindi pa rin natitinag sa kinatatayuan nito ang dambuhalang lalaki.

“Papa Adonis!” mayamaya ay tawag ni Digna rito. “Lika na. Hindi naman siguro kami ihahatid nitong kotse nang siya lang, ano!”

Mula sa kanyang kinauupuan, malinaw niyang nakita ang pagguhit ng pag-aalinlangan sa mukha nito bago malalaki ang hakbang na tinungo nito ang kotse.

“Bilisan natin, ha, Papa Adonis,” pangmamadali ni Digna rito nang imaniobra nito ang sasakyan palabas ng subdibisyon. “Ito ang unang proyekto ng kaibigan ko, kaya *hindi* siya puwedeng ma-late. Pag

nagkataon, naku, Papa Adonis—”

“Hindi ‘Adonis’ ang pangalan ko,” putol ng binata sa malagom na tinig; nilingon nito ang kaibigan niya at pinukol ng masamang tingin.

“O, bakit?” kaagad na depensa ng babae. “Huwag mong sabihing nagrereklamo ka? Ipinangalan ka na nga sa diyos ng kaguwapu—O, siya... ano po’ng pangalan nila?” suko nito nang mapansin nitong nagtagis ang mga bagang at magsigalawan ang mga muscles nito sa leeg.

Natigilan ang lalaki sa tanong. Tila hindi nito alam ang sasabihin.

Napansin niya ang pag-aalinlangan sa mukha nito. “Ako si Arabella. Siya naman si Digna,” pakilala niya sa kanila ng kaibigan. “I-ikaw?”

Sinalubong nito ang nagtatanong niyang mga mata sa rearview mirror. Mayroong kung anong ikinubli ang kadiliman ng mga mata nito bago siya sinagot. “Ang pangalan ko’y... Hunter.”

“Hunter?” nakaangat ang kilay na gagad ni Digna. “Anong klaseng pangalan naman ang *Hunter*? Parang pangalan ng aso.”

“Digna!” saway niya sa kaibigan.

“Talaga naman, ah! Naalala mo n’ong mga bata pa tayo, di ba’t may alagang asong-kalye ang mga Valleverde? Hunter din ang—”

“Tumigil ka na. Nakakahiya kay... H-Hunter.”

Akmang magsasalita pa ang kaibigan ngunit siniko niya ito at binigyan ng nagbababalang tingin.

“Saan tayo?” mayamaya ay tanong ni Hunter sa tonong sobrang baba, pakiwari niya ay nanggaling iyon sa ilalim ng lupa.

“Sa Intramuros tayo, Papa Hunter,” behaved nang sagot ni Digna.

Mula sa ilalim ng kanyang mga pilik-mata, may curiosity niyang sinuri ang lalaking nagmamaneho sa shuttle service na ipinadala ng *VMA*. Puno ng kapangyarihan ang iilang katagang binitiwang ni Hunter. May mga mata itong pakiwari niya ay kahit pinuno ng isang bansa ay kayang patiklupin. Bawat galaw nito ay tigib sa kumpiyansa, na para bang wala itong hindi kayang gawin.

Napakalaki rin nitong tao. Halos punuin na ng bulto nito ang buong front seat. Isang dangkal na lang, aabot na ang ulo nito sa atip ng kotse. Batak ang muscles sa mga braso nito, at kahit balot ng t-shirt, batid niyang ganoon din ang malapad nitong likod at

dibdib. Nag-uumalpas sa puwersa ang bawat kabig nito sa manibela.

“Lagkit ng tingin mo, Te.”

Napalingon siya kay Digna. Abot-tainga ang ngiti nito at parang Christmas lights na nagkikislapan sa mga mata nito ang panunukso.

“H-ha?”

“Asus!” siko nito sa kanya. “Kunyari pang inosente ang ale. Eh, kulang na lang paglawayan mo ang biceps ni Papa Hunter.”

“H-hindi...” iling niya, hindi malaman kung paano magkakaila.

Laking pasalamat niya nang mag-ring ang cellphone nito bago pa nito masimulang igisa siya sa panunukso. Sinagot nito ang tawag.

Pinakawalan ng dalaga ang buntong-hininga, pagkuwan ay panakaw na inalam kung may narinig si Hunter sa bulungan nila ni Digna.

Rumaragasang umahon lahat ng dugo niya sa kanyang mga pisngi nang makita sa rearview mirror na nakatuon sa kanya ang mga mata ng lalaki. The twinkle in his eyes told Arabella that he had heard.



Animo’y nasilaw na nag-iwas siya ang tingin. Nais niyang pasubalian ang mga narinig nito. Pero papaano niya iyon gagawin kung mas mapula pa sa buhok niya ang kanyang dyaskeng pisngi?

“... na ho kami, Miss Meredith,” ani Digna sa kausap nito sa cellphone. Kaagad niyang ibinaling doon ang buong atensyon. “Ho? Ipinakansela? Hindi ho. Baka naman ho nagpadala ng ibang driver ang shuttle—oho. Late nga lang nang isang oras... Opo... opo.”

May ilang minuto pang nakinig ang babae sa kausap nito sa kabilang linya. Pagkatapos ng tawag, pumihit ito sa kinauupuan at hinarap siya.

“Sabi ni Miss Meredith, pagbutihan mo raw. Huwag mo raw sasayangin ang pagkakataong ibinigay nila sa ’yo. Alalahanin mo daw na kung hindi dahil d’on sa tabloid article tungkol sa inyo ni Walker de Falco, eh, *nunca* ka raw makukuhang modelo—kahit na apply-an mo pa lahat ng modeling agency sa bansa.”

Tumango siya. Talagang wala siyang balak sayangin ang suwerteng ipinagkaloob sa kanya. Kung papaano niya iyon magagawa—gayong pinangangatugan siya sa tuwing naiisip na ilang dosenang pares ng mata at mga kamera ang itutuon

mamaya sa kanya—hindi niya alam. Ang alam lang niya, kailangan niyang pagtagumpayan ang mga proyektong gagawin. Para sa inang niya. Pati na rin ang ahensyang nagbigay sa kanya ng pambihirang pagkakataon... pagkakataong alam niyang hindi nararapat sa kanya.

“Alam na kaya ni Walker de Falco ang tungkol sa inilathalang ‘love story’ ninyo sa *Segunda-Mano*?” basag ni Digna sa katahimikang saglit na namayani sa loob ng kotse. Mula sa gilid ng mga mata niya, napansin niya ang banayad na pagtuwid ni Hunter sa kinauupuan. “Tiyak maba-bad trip iyon,” dagdag nito.

Kaagad ang pagbangon ng matinding pag-aalala sa dibdib ni Ara.

“Digna, kailangan natin siyang makausap. Kailangan nating magpaliwanag. Paano k-kung kasuhan niya tayo?”

“Iyan din ang inaalala ko. Masyado pa namang pribadong tao iyong anak ni Mrs. Celez de Falco. Hindi malayong may gawin siyang legal na aksyon laban sa atin, sa ginawa nating pambubulabog sa kanyang privacy,” nababahalang anito, seryoso sa bihirang pagkakataon.

“P’wede ko bang... malaman kung ano ang

ipaliliwanag ninyo kay... kay Walker de Falco?" biglang tanong ni Hunter.

Nagkatinginan ang magkaibigan. At sa kabila nang napagkasunduan nilang wala munang ibang makakaalam sa tunay na istorya sa likod ng artikulo, salitan nilang isinalaysay rito ang nangyari.

"Na-carried away lang naman ako," ani Digna habang nginangatngat ang kuko nito. "Inalipusta ng mga bruhildang iyon ang kaibigan ko. Siyempre to-da-rescue ang drama ko. Lalo't tanggapin na lang at paniwalaan ng anghel na 'to ang pinagsasabi ng mga babaeng iyon kaysa lumaban. Malay ko ba namang may reporter palang nakikinig sa akin. Kaya pala siya atat na marinig ang kabuuan ng kuwento. Naghahanap pala ng scoop ang talipandas!"

"That's why you should never lie," ani Hunter, na tila amused sa mga narinig, "Pagdating sa tsismis, walang pakialam ang ibang tao kung totoo o hindi ang nasagap nila, basta't mayroong handang makinig sa kuwento nila."

Dahil abala sa pagiging guilty si Digna, hindi nito napansin ang napansin niya. Ingles ang unang pangungusap ni Hunter. Pero hindi iyon ang nakakuha ng atensyon niya. Binitiwang nito ang mga kataga nang may pamilyaridad ng isang taong iyon

ang kinalakhang wika.

“Hindi kayo ang dapat sisihin sa inilathala ng *Segundo-Mano*. Malinaw na sinamantala’t ginamit ng reporter na iyon ang kuwento mo, Digna, para sa isang juicy article,” patuloy ng lalaki nang hindi inaalis ang tingin sa daan. “Gan’unpaman,” dagdag nito, “hindi pa rin tamang hinayaan ninyong magpatuloy ang isang kuwentong alam ninyong isang malaking kasinungalingan.”

Kagat-labing napayuko si Arabella.

“Alam kong mali itong ginagawa ko. Na tulad ng reporter na iyon, nanamantala rin ako,” aniyang nakatingin sa mga kamay na nasa kandungan. “Kaya ko gustong makausap si W-Walker de Falco. Gusto kong magpasalamat. Nang dahil sa kanya, nang dahil sa reputasyon at kapangyarihan niya... isang anak ang nabigyan ng pagkakataong makasama nang mas matagal ang kanyang ina.”

Nanlabo ang kanyang paningin dahil sa luhang namuo sa kanyang mga mata. “G-gusto ko siyang makausap para humingi ng pang-unawa. May s-sakit ang inang ko... at ito ang pinakamabilis na paraan para... p-para makapag-ipon ako ng pera.”

Hinawakan ni Digna ang kamay niya at mahigpit

iyong hinawakan.

“Minsan, napipilitan ang isang taong gawin ang mga bagay na hindi dapat para sa mga taong mahalaga sa kanya. Maunawaan mo sana, Papa Hunter, na kaya namin hindi magawang itama ang maling kuwento sa takot na bawiin ng agency ang—”

“Naiintindihan ko,” malumanay nitong putol kay Digna. “At naniniwala akong mauunawaan ni Mr. de Falco ang sitwasyon mo.”

Malinaw sa pandinig ni Arabella ang kumbiksyon ni Hunter na katulad nito, mauunawaan din siya ng mayamang negosyante. It acted like a balm on her frayed conscience. Tinanggal niyon ang mabigat na bagay na ilang araw nang nakadagan sa kanyang puso... Na para bang nang mismong mga sandaling iyon, nagawa na niya ang mga bagay na dapat niyang ginawa para sa binatang de Falco.

“Talaga?” diskumpiyadong tanong dito ni Digna, “Sa palagay mo’y mauunawaan talaga kami ni Mr. de Falco?”

“Talaga,” simpleng tugon dito ni Hunter.

“Parang sure na sure ka, ah?” nakataas ang kilay na puna ng babae. “Close ba kayo?”

Muling lumingon ang binata at sinimangutan ang kaibigan niya. “Nandito na tayo,” anunsyo nito.

Nanghahaba ang leeg na inilibot ni Digna ang tingin sa paligid.

“Aha!” anito makaraan ang ilang saglit na paghahanap, “Hayun sila, Papa Hunter. Sa may kanto ng Calle Real.”

Imbis na umusad sa direksyong itinuro nito, huminto ang sasakyan nila. “Hanggang dito na lang ako.”

“Papa Hunter naman!” himagsik nito. “Inihatid mo na nga kami hanggang dito, hindi mo pa lubusin. Ilang metro na lang, o...”

“Kaya dito ako huminto.”

Nagtagisan ng tingin ang dalawa. Makalipas ang ilang saglit, kumikibot ang ngusong binuksan ni Digna ang pinto. “Konting-konti na lang, eh...” maktol nito. “Halika na nga, Ara.”

Hindi siya kaagad nakakilos nang maiwan siya kasama ni Hunter. May bahagi niya ang gusto pang manatili kasama ito. Magkikita pa kaya silang muli? Papaano kung... ito na ang una at huli?

“Anong oras ulit ko kayo dapat sunduin

mamaya?” kamot ni Hunter sa matangos nitong ilong. “Nakalimutan ko kasi—uh—ang... itinerary ko para sa araw na ito.”

Pakiwari ni Arabella ay pinakawalan ng isang kamay na bakal ang puso at baga niya. Magkikita pa silang muli ng binata!

Ngumiti siya. “Mula alas tres ngayong hapon hanggang alas tres ng madaling-araw bukas ang nakalagay sa call sheet ko.”

Tumango ang lalaki. Bumaba ito at pinagbuksan siya ng pinto.

Atubiling umisod siya palabas ng sasakyan. “Salamat nga pala sa paghatid mo sa amin,” naalala niyang sabihin na pilit sinalubong ang maiitim nitong mata. “At... at pagpasensyahan mo na ang kakulitan ni Digna, ha. Ipinanganak lang talaga iyong ganoon.”

“That I don’t doubt.”

Pinili niyang huwag nang pansinin ang ginamit nitong lengguwahe. Wala namang batas na nagsasabing hindi puwedeng mag-Ingles ang mga ordinaryong taong katulad nila.

Gumuhit ang isang malawak na ngiti sa mukha ni Hunter.

*Beloved Angel - Arianne Cole*

---

Napakurap-kurap na natigilan si Arabella. His smile was so enchanting, as delightful as seeing a star falling from the heaven.

Slowly, she could feel her heart changing its beat... and she knew—that very moment—that it would never be the same again.



### 3

“You *what?*” napapantastikuhang bulalas ni Deke matapos niyang ikuwento ang nangyari kahapon. “Nagkunwari kang *driver* ng shuttle service,” sagot din nito sa sariling tanong.

“Yes,” kalmado niyang tugon, powering on his *MacBook Pro* before settling on the plush leather of his executive chair. “Inakala pa nga nilang shuttle service ang *Mercedes-Benz* ko.”

“Whoa! This is just... just too much to process,” anito na tila gulong-gulo. “And of all names, you went for ‘Hunter’?”

Walker scowled, remembering Digna’s comment about it.

“It was the first thing that popped into my head.”

“Yeah. Right. So... you went in there, *supposedly* to exact a retraction and came out *driving* them to a location shoot. Now the million-dollar question is, how in hell’s name did that happen?”

“Napagkamalan ako ni Digna na—”

“Alam mong hindi iyan ang itinatanong ko,

Walker. Kaya mong itama ang maling akala ng Digna na iyon ...but you *didn't*.”

Tinipa niya ang kanyang password, pagkuwan ay binuksan ang icon na magdadala sa kanya sa pahina ng stock market. He clicked the *Philippine Stock Exchange* and scanned the large number of data. Wala siyang balak sagutin ang tanong ni Deke dahil wala siyang maibigay na konkreto at lohikal na sagot dito.

“Okay, I get it. I’m not gonna get an answer.” Humakbang ito mula sa kanyang mesa. “I’ll just have to meet this Arabella then.”

His head snapped up. He barely noticed the savage thundering of his brows as he measured the man who was his assistant and best bud. “Hindi na kailangan. There’s nothing about her that—”

“So you wanted her. *So much* that it rendered the great Walker de Falco *speechless*. And judging by that territorial fire burning fiercely in your eyes... you want her *all* to yourself.”

The honest answer was yes. The yearning to take Arabella for himself was so strong it left parts of him aching. Parts that—aside from his groin—he couldn’t pinpoint or name.

Ganoonpaman, nasisiguro niyang hindi ang

masidhing pagnanasang maangkin ang dalaga ang rason kung bakit siya nagkunwaring ibang tao sa mga mata nito... He wasn't as sure, however, if he wanted to know what made him do it...

“Ano na ang mangyayari sa retraction na balak mong hingin?”

“Hindi ko na itutuloy,” mabilis niyang sagot.

Napasipol si Deke. “You want her that bad, huh?”

“No.”

“No, you don't want her? Oh, come on,” Deke scoffed. “You look fiercer than a lion trying to win a harem just now.”

“No—*hindi* ko na itutuloy ang paghingi ng retraction, hindi dahil gusto ko siyang dalhin sa aking kama, kundi dahil kailangan niya ng pera. That article helped her clinch three contracts, so I'm letting it be. Tatal maliit na bagay lang naman iyon sa parte ko.”

“Oh, so now you're being charitable.” Muli itong lumapit sa kanya, itinukod ang mga palad sa mesa niya. “Exactly what kind of shit are you in, man?”

Naisip ni Walker si Arabella. Kay dali para sa kanya na alalahanin ang buhok nitong tila nag-aapoy na alon, ang balat nitong mala-sutla ang kinis, mga

mata nitong namimilog sa kainosentehan at ang mga pisnging kay bilis mamula sa pagkapahiya.

Naalala niya ang pagmamahal sa tinig nito nang banggitin ang inang may sakit at kung gaano ito nahirapang piliin ang kapakanan ng magulang kaysa gawin ang alam nitong tama at nararapat. Isang anghel ang biglang nahulog sa paanan niya at kailangan nito ang kanyang tulong. Napangiti siya... *that was the kind of shit he was in.*

“And now he’s smiling,” untag ni Deke, “Ano ba’ng pinakain sa ’yo ng babaeng iyon at nagkakaganyan ka, Boss? Ah, no, don’t answer that. I don’t think I wanna hear. Just... make sure...” anito na nagsimulang humakbang palabas ng opisina niya, “that you get back to normal, ASAP. You’re freaking me out, man. And by the way,” dagdag nito na may naalala nang marating ang pinto, “ano naman ang naging reaksyon ng kanyang Kamahalan, Regina Aragon, nang umalis ka sa kama niya nang alas tres ng umaga para magkunwaring driver?”

Nabitin sa ibabaw ng keyboard ang mga daliri niya. “Oh, shit!”

“Indeed. Well, have fun taming the tigress,” bilin nito.

He fished his phone from his pocket and speed-dialled Regina's number. Kinansela nito ang mga tawag niya. Sa kalagitnaan ng ikaapat niyang re-dial, may dumating na text message galing dito.

*It sure is rich of you to call me after jilting me in bed last night!*

Lumipad ang mga daliri niya sa keypad. *I'm sorry, Regina. I really am. Pick up the phone. Kailangan kitang makausap.*

*You bet your ass you do. But I'm not picking up the damn phone!* sagot nito.

Tumayo siya mula sa swivel chair bago muling tumipa ng keypad. *Okay. I'm coming.*

Lumulan siya sa private elevator ng kanyang executive suite matapos magbilin kay Deke. Malalaki ang hakbang na lumabas siya sa elevator nang bumukas iyon sa ground floor. Sinipat niya ang kanyang wristwatch. It was still mid-morning.

“Hunter?” tanong ng isang malambot na tinig.

Mula sa kanyang relong *Omega*, dahan-dahan siyang nagtaas ng tingin, until he found a pair of eyes framed by long auburn lashes.

“Ano'ng ginagawa mo dito?” usisa ni Arabella,

na tila nalimutan yata ang pagkamahiyain.

“I’m—uh—” His capacity to think was destroyed by a clear, trusting pair of eyes blinking up at him.

“Kasama ko si Digna na pumunta rito,” imporma nito, sabay turo sa kaibigang abala sa pangharass sa receptionist, “Pumunta kami rito para sana kausapin si Mr. de Falco. Handa na akong harapin siya. Nagkaroon ako ng sapat na lakas ng loob pagkatapos...” Saglit itong tumigil, pagkuwan ay nahihiyang itinuloy ang sasabihin, “pagkatapos ng sinabi mo kahapon. Napagtanto ko na—tulad mo—kailangan ko ring maniwalang maiintindihan niya ako at ang sitwasyon ko,” she said hopefully, looking up at him as though he was the anchor of that hope. “Ikaw... ano’ng ginagawa mo rito?”

“May... may... inihatid lang akong VIP sa gusaling ito,” bago pa napigilan ang sarili ay nasabi niya. Wala na siyang magawa kundi ang panindigan iyon. “Nag-request ng shuttle service ang concierge ng *Manila Hotel* para sa—uh—Koreanong guest nila na isang kliyente ng *deFalco Shipping*,” aniya na ang bawat kataga ay simbigat ng bato sa kanyang konsyensya.

“Ouch... I’m hurt,” sabat ng isang tinig bago pa man makapag-isip si Walker na bawiin ang mga

sinabi. “Nakapambahay ka lang nang ihatid mo kami kahapon, ah. Samantalang ngayon naka-coat and tie ka na... nakasisilaw pa sa kintab ang sapatos mo.”

Lumitaw si Digna sa tabi niya at sinuri siya mula ulo hanggang paa. “Naks naman. Pormal na pormal ang dating natin, ah. Para kang...” anito na hinawakan ang sleeve ng coat niya, “ibuburol.”

Lihim siyang nagbilang nang sampu upang ipunin lahat ng pasensyang mayroon siya.

Humihingi ng pasensyang nginitian siya ni Arabella bago mabilis na inagaw ang atensyon ng kaibigan mula sa pang-aasar nito sa kanya. “Ano’ng sabi ng receptionist?”

“Ano pa? Hindi raw p’wede. Kailangan natin ng appointment para makausap si Mr. de Falco. Para mabigyan niyon kailangan natin ng sariling kompanya o di kaya’y maging heredera. Siguro naman hindi ko na kailangang ipaalala sa iyo kung ano lang tayo. Isang hamak na beautician at isang modelo ng *Ningas*, ang pambansang posporo ng Pilipinas.”

“Kung gan’on, pa’no natin siya makakausap?”

Hinawakan ni Digna ang kaibigan sa magkabilang balikat. “Hindi ka ba nakikinig? *Imposibleng* makausap ng mga tulad natin ang isang tulad ni Walker de

Falco! Siguro dapat hayaan—”

“Ayoko!” matigas at pinal na deklarasyon ni Arabella. Walker was pleasantly surprised. Hindi niya inasahang may kakayahang magmatigas ang dalaga. “Kailangan nating makausap si Mr. de Falco. *Kailangan, Digna.*”

“Nandoon na ako. Pero sabihin mo nga... paano natin gagawin iyon? Eh, kulang na lang magsuot tayo ng itim na sunglass at tumugtog ng gitara sa harap n’ong receptionist para mamalimos ng konting tulong, pero ayaw talaga.”

“Magkakaroon din tayo ng pagkakataon. Basta’t hindi tayo susuko. Siguro naman meron pang ibang paraan para makausap natin iyong tao.”

“P’wede natin siyang dukutin, di kaya’y tambangan pag-uwi—”

“Digna naman, seryoso ako.”

“Eh, ano nga’ng gagawin natin? Papa Hunter tulungan mo naman kami,” baling ni Digna sa kanya. “Talagang nagpupumilit itong si Arabella na makausap si Mr. de Falco, ora mismo.”

“Dahil iyon ang dapat nating gawin. Pagkatapos ng perwisyong idinulot *natin* sa kanya, karapatan



niyang marinig ang paliwanag natin at ang hingan siya ng paumanhin.”

Lihim na napangiti ang binata. Arabella was proving to be *more* than what she appeared. She may look frail and delicate as a bubble, but her stubbornness seemed to be wrought from steel.

Pero kailangan niya iyong baliin bago pa may bumuking sa pagkatao niya nang wala sa oras. Dumarami na ang mga naiintrigang napapatingin at napapaligon sa gawi nila, drawn by the striking sight of Arabella’s blood-red curls.

“Ganito na lang, Arabella,” he started to say, then stopping to savor the sound of her name on his lips, “kung talagang desidido kang ipaliwanag ang inyong panig, ba’t di mo na lang ilagay sa isang liham ang lahat at ipadala mo sa opisina ni Mr. de Falco?”

“Sa gayon, hindi mo na kailangang humingi ng appointment o makipagkita pa sa kanya. Sa ganoong paraan din, maiiwasan ninyo ang ispekulasyon ng mga taong makakakita sa inyo, pati na rin ang posibilidad na may makarinig sa inyong pag-uusapan,” suhestyon niya. “Hangga’t hindi pa natatapos ang kontrata mo, kailangang pakaingatan ang katotohanan sa likod ng artikulo. Kung hindi, baka hindi lang ang istoryang nilathala ng *Segunda-Mano* ang mabawi, pati ang

kontrata mo sa ahensya, Arabella.”

“Wow!” manghang anas ni Digna. “Isa kang henyong, Papa Hunter. Iyan na nga ang perpektong solusyon.”

Matipid niya itong nginitian. It was indeed the perfect solution. Ara would not only get what she wanted, it would also ensure that she wouldn't come looking for him again and catch him unaware.

Ang kailangan lang ay umayon ito sa iminungkahi niya—which didn't seem to be happening. Puno ng pag-aatubling tiningala siya nito at wala sa loob na isinubo ang isang hintuturo.

Walang babalang nagliyab ang kanyang katawan. The artless and innocent gesture of confusion reminded him so violently of a wild and intimate caress of lovemaking. Tila nahipnotismong napatitig siya sa namimintog na mga labi ni Ara—wondering what it would be like to have those sweet lips suck his—*Oh shit!* He could feel his body tightening sweetly at the clarity of his thoughts.

“Pero, Hunter,” ani Ara na walang kamuwang-muwang sa rumaragasang pagnanasang walang kahirap-hirap nitong binuhay sa kanyang sistema, “mas gusto ko kasing personal na—”

“Ara naman,” sabunot ni Digna sa sarili, “wag mo nang ipagpilitan ’yang gusto mo. Halika na, ihahatid na kita sa apartment at nang masimulan mo na ang sulat. Ako nama’y papasok na sa salon. Dalawang oras na akong late.”

“P-pero—”

“Arabella... konti na lang, sisinturunin na kita. Halika na. Papa Hunter, salamat sa tulong mo, ha,” baling muli ni Digna sa kanya bago hinila si Ara palayo, iniwan siyang nagtatalo ang kalooban.

Palabas na ng lobby ang mga ito nang maalala siyang lingunin ng dalaga. Binigyan siya nito ng isang matamis na ngiti.

“Salamat,” she mouthed.